


Mga bagay na kailangan mong malaman:

Kinakailangan ng programang SOMAH na tumanggap ang mga nangungupahan ng hindi bababa sa 51% ng mga solar na kredit mula sa bawat proyektong SOMAH. Ang Virtual Net Energy Metering (VNEM) ay gagamitin upang direktang ilapat ang mga solar na kredit sa iyong kuwenta ng utility. Ang VNEM ay isang proseso ng pagkuwenta na nagbibigay-daan sa iisang solar na sistemang PV na hatiin ang mga kredit sa kuwenta sa maramihang sambahayan ng nangungupahan at lugar para sa publiko.



Sinusubaybayan ng VNEM na

- 1 Ang kuryenteng ginawa ng mga solar panel sa iyong gusali
- 2 Ang kuryente ay pinapadala sa grid ng kuryente at sinusukat ng isang metro ng solar
Ang grid ng kuryente ay ang network na pinapatakbo ng iyong kumpanya ng utility na naghahatid ng kuryente sa mga tahanan, negosyo at iba pang mga gumagamit.
- 3 Ang kuryente na ginagamit ng iyong sambahayan ay sinusukat ng iyong metro ng kuryente
- 4 Idadagdag ng iyong kumpanya ng utility ang mga solar na kredit na inilaan sa iyong sambahayan, na magbabawas sa iyong buwanang kuwenta

May mga tanong tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa iyong bagong kuwenta ng utility


Mahalagang maunawaan kung paano makakaapekto ang pagkakaroon ng solar sa iyong gusali sa iyong kuwenta ng utility. Magkakaroon ng mga pagbabago sa parehong hitsura ng iyong kuwenta at sa paraan ng pagkakalkula nito.

Ano ang iba't ibang uri ng istruktura ng halaga ng utility?

Depende sa iyong kumpanya ng utility, kakalkulahin ang iyong kuwenta batay sa isa sa dalawang magkaibang istruktura ng halaga: pamantayan at oras-ng-paggamit (time-of-use, TOU). Sa kasalukuyan, malamang ikaw ay nasa pamantayan na halaga, ngunit sa solar, maaari kang ilipat sa halaga ng oras-ng-paggamit.


Pamantayan na Halaga

Kinakalkula ang iyong kuwenta sa pamamagitan ng magkakaibang baitang o antas. Ang bawat baitang ay mayroong partikular na bilang ng mga yunit ng kuryente (kilowatt-hours o kWh) na maaari mong gamitin. Kapag ginamit mo ang lahat ng yunit ng kuryente sa isang baitang, nakahanay ka sa susunod na baitang. Kapag umangat ka mula sa isang baitang patungo sa isang mas mataas na baitang mas mataas ang babayaran mo. Karaniwang may dalawa hanggang apat na baitang sa iyong kuwenta ng utility.



Oras-ng-paggamit (Time-of-use, TOU)

Ang oras-ng-paggamit ay nag-aalok ng magkakaibang halaga sa magkakaibang oras. Ibig sabihin ay mag-iiba ang halaga ng bawat yunit ng kuryente (kilowatt-hour o kWh) batay sa oras ng araw na ginamit o kinunsumo ito. Ang mga halaga ng TOU ay may mga oras nasa-tuktok at mga oras na wala-sa-tuktok, at ang mga halaga ng kuryente ay mas mataas sa mga oras nasa tuktok.



TOU at SOMAH

Sa sandaling ma-ikabit at gumagana ang mga solar panel, maaari kang ilipat ng iyong kumpanya ng utility sa halaga ng TOU. Kung gusto mo, maaari mong gamitin ang isang pamantayan na halaga na plano sa halip. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga halaga ng TOU at mga pamantayan na halaga na iniaalok ng iyong kumpanya ng utility, tawagan ang PG&E sa Ingles: 800-743-5000 | Espanyol: 800-660-6789

Mga tanong tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

[CalSOMAH.org/tenants](https://calsomah.org/tenants)

✉ contact@calsomah.org

Ang SOMAH ay pinangangasiwaan ng SOMAH Program Administration Team sa ilalim ng tangkilik ng California Public Utilities Commission (CPUC). © 2018 California Public Utilities Commission. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

